

# Mga Anyong Tubig, Pag-aari at mga Permit

May planong baguhin ang inyong mga pag-aari, kahit maliit lang? May anyong tubig sa mismong o malapit sa inyong pag-aari?

## Kahit na ang mga maliliit na pagbabago sa loob at paligid ng mga anyong tubig ay maaaring mangailangan ng permit.

**Maraming ahensyang Pampederal, Pang-estado, at Pangrehiyon ang may hurisdiksiyon sa mga proyektong ginawa malapit o sa mismong anyong tubig. Gamitin ang gabay na ito para malaman aling ahensya ang dapat kontakin para sa inyong proyekto. Gusto kayong tulungan ng Lalawigan ng San Diego na manatiling sumusunod sa batas! Sundin ang 3 hakbang na ito para malaman kung kailangan ninyo ng permit bago magsimula ang inyong proyekto.**

## 1 Kilalanin ang Inyong Anyong Tubig.

**Kung sa tingin ninyo ay mayroon kayo ng isa sa mga uri ng anyong tubig na ito sa mismong o sa malapit sa inyong pag-aari, maaaring kailanganin ninyo ng permit para magawa ang inyong proyekto.**

<!> ***Maaaring kailanganin ninyong kumonsulta sa propesyunal para malaman kung mayroong anyong tubig.***



**LATIAN (WETLAND)** — Mga lugar na natatakpan ng mababaw na tubig, kung minsan ay pana-panahon lang, o may lupang mamasa-masa.



**TUYONG BATIS | SAPA | BATIS** — Mga lugar kung saan dumadaloy ang tubig kung minsan o parati mula sa isang lugar patungo sa isa pa.



**SAHIG NG ILOG | BAMBANG | BAYBAYIN** — Ang mga ilog/sapa/bambang ng batis, at baybayin (lupa sa gilid ng ilog) ay mga bahagi din ng mga binabantayang anyo ng tubig. Kahit tuyo ang mga ito, maaaring kailanganin mo pa din ng permit. Ang mga bambang (channel) ay mga natural o artipisyal na bukas na lugar na nagdudugtong sa dalawang anyong tubig at maaaring may tubig na patuloy o pana-panahong dumadaloy sa kanila.



**LAWA | MALIIT NA LAWA** — Isang malaking anyong tubig na napapaligiran ng lupa.

Mga Hakbang 2 + 3 →

## 2 Alamin ang Inyong Epekto.

**May mga gawain na maaaring mangailangan ng permit. Kung ang proyekto ninyo ay nangangailangan ng anuman sa mga sumusunod na gawain, at mayroong anyong tubig sa mismong o sa malapit sa inyong pag-aari, kontakin ang naaangkop na ahensyang nakalista sa ibaba para malaman kung kailangan ng permit.**



**PAGHUHUKAY—** Pag-alis ng banlik at iba pang materyal na nasa pinakailalaim ng anyong tubig.



**PAG-ALIS | PAGHAHAWAN—** Paghahawan ng mga pananim o pag-alis ng lupa sa lugar.



**PAGTATAMBAK—** Anumang materyal na nilalagay sa anyong tubig (kanilang bambang/sahig ng ilog/ baybayin). Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa bato, buhangin, mga plastik, mga basura mula sa konstruksyon, mga tubo/alkantarilya, at pira-pirasong kahoy.



**IBA PANG GAWAIN—** Pangangalaga/ pagpapatibay sa baybayin, konstruksyon ng mga kalsada, kontruksyon ng dike, at iba pang de-makinang gawain.

## 3 Konsultahin ang mga Naaangkop na Ahensya.

**May iba't ibang namamahalang ahensya na may tungkuling magbigay ng mga permit. Kontakin ang mga ahensyang nakalista sa ibaba bago ninyo simulan ang proyekto para mas malaman pa ang tungkol dito. Maaari ninyong kontakin ang maraming ahensya sa listahang ito. Tiyaking mayroon kayo at hawak ninyo ang detalyadong impormasyon tungkol sa inyong pag-aari bago kayo tumawag.**

### Kontakin ang Ahensya sa Ibaba Kung ang Proyekto Ninyo ay:

- **Kinabibilangan ng Anyong Tubig sa Anumang Paraan—California Regional Water Quality Control Board (Panrehiyong Lupon na Namamahala sa Kalidad ng Tubig sa California)**
  (619) 521-3364 | www.waterboards.ca.gov/sandiego/water_issues/programs/permits/
- **Maaaring Maglagay ng mga Materyal sa Tubig at/o Kabilang ang Paghuhukay—United States Army Corps of Engineers (Pangkat ng mga Inhinyero ng Hukbo ng Estados Unidos)**
  (760) 602-4829 | www.spl.usace.army.mil/missions/regulatory/
- **Maaaring may Epekto sa Pagdaloy ng mga Tubig o Magbago sa Istruktura ng Anyong Tubig— California Department of Fish and Wildlife (Kagawaran ng Isda at Hayop-Gubat ng California)**
  (858) 467-4207 | www.wildlife.ca.gov/Conservation/LSA
- **Kabilang ang Pagpapatag o Paghahawan sa Anumang Paraan (Mayroon o Wala mang Anyong Tubig)— San Diego County Planning & Development Services (Serbisyo ng Pagpaplano at Pagpapaunlad ng Lalawigan ng San Diego)** | (858) 694-2960 | www.sandiegocounty.gov/pds